

1

Kumakalam na ang humpak na tiyan ni Amanda. Pakiramdam niya'y gusto na niyang pagdimlan ng paningin. Lubhang napakabango ng mga inihaw na manok sa di-kalayuan, sa Andok's Lechon Manok.

Ngunit kailangang utusan niya ang sariling maging bulag, mawalan ng pang-amoy, pamanhirin ang pakiramdam sa tawag ng gutom.

Dahil sa totoo lang, walang laman kahit singko sentimos ang bulsa niya.

Kanina pa siya rito sa bangketa, nakalahad ang kamay sa mga dumaraan, nagpapaawa ang mga mata. Nangangalakay na siya sa pagkakaupo sa gitna ng init ng araw ngunit hanggang ngayon ay wala pang naghahagis sa kanya ng kahit na barya.

“Hmp! Sindikato lang ang mga pulubing ‘yan, bakit ba tayo magbibigay sa mga ‘yan?” paingos na saad ng isang matabang babae sa kasama nitong lalaki.

Napapikit si Amanda. Totoong sindikato nga ang kinaaaniban niya. Ang perang mapagpapalimusan niya'y sa kamay lamang ng mga ganid at masasama mapupunta. At sa kanya, kahit

kaunting barya ay walang matitira. Kaunting pagkain lamang ang makakabahagi niya, nilang iba pang mga kabataang kasama niya. Sakim si Bartolo na namamahala sa kanila.

Isang malaking lalaki ito na kamukha ng artistang si Buwaya. Malaki ang tiyan at pangit ang mukha na katulad ng ugali nito. Sa tuwi-tuwina'y lagi nitong kasama ang mga tauhan na lihim na nagbabantay sa bawat kilos nila.

Wala sila sa kalagayan para tutulan ang malupit na biro ng tadhana.

Si Amanda sa gulang na labing-apat ay naglayas dahil pinagtangkaan siyang halayin ng kanyang amain, asawang kauli ng nanay niya. Isinumbong niya sa ina ang kahayupan ng kanyang tiyuhin, ngunit sa halip na kampihan ay pinagbintangan pa siya nito na sinisiraan lamang niya ang asawang kauli dahil hindi niya ito matanggap.

Sa pakiramdam na hindi siya ligtas sa sariling tahanan ay ipinasya niyang lumayas. Taglay ang iilang piraso ng damit at kaunting barya, lakas-loob siyang nakisakay sa isang pampasaherong bus. Salamat na lamang at naawa sa kanya ang konduktor kaya isinakay na siya.

Ang kaligtasang inaasam ay inakala niyang natagpuan na niya mula nang makilala niya ang mga batang lansangan na tumulong sa kanya nang minsang natutulog siya sa bangketa -- pinagtulung-tulungang bugbugin ng mga ito ang isang taong

nagtangka nang masama sa kanya.

“Maraming salamat sa inyo,” naiiyak na pahayag niya sa tatlong kabataan, sina Eddie, Anton at Merle. Pawang marurungis ang damit ng mga ito at halatang kulang sa paligo.

“Umuwi ka na, hindi ka ligtas dito,” mungkahi ni Anton, labing-anim na taong gulang, ang pinakamatanda sa grupo.

“Wala akong uuwian,” yuko ang ulong pagtatapat ni Amanda. “Baka naman puwedeng isama na ninyo ako. Kahit ano, gagawin ko, may matirhan lang ako.”

“Naku, hindi puwede!” tutol ni Eddie, labing-tatlong anyos, ang pinakabata sa grupo. “Delikado ang buhay namin. Isa pa’y sakit lang ng katawan ang aabutin mo kapag sumama ka sa amin.”

“Kahit na,” giit niya. “Kaysa naman matulog ako dito sa kalsada. Kahit kanin lang o kaya’y kapisrasong tinapay, okay na sa akin.”

Nagkatinginan ang tatlo. Naawa ang mga ito sa kanya. Kahit halata tuloy na may kinatatakutan ang mga ito, isinama rin siya ng tatlo.

Maliit ang bahay, kung bahay nga bang matatawag ang parisukat na lugar na pinagdalhan sa kanya ng mga ito. Lona ang bubong, pinagtagpi-tagping sako ang dingding. May kahoy man ay pulos bulok nang maituturing.

Marungis ang paligid. Kung saan-saan nakasabit ang mga lumang damit na mukhang hindi na nalalabhan. Gustong bumaligtad ng sikmura ni Amanda. Ngunit wala siya sa katayuan para mamili ng lulugaran dito sa magulong lungsod. Ang bahay kasi nila sa probinsya ay yari sa bato at may sarili siyang kuwarto.

“O, ano? Puwede ka ba dito?” paniniguro ni Anton. “Magdesisyon ka habang maaga, habang hindi ka pa...”

“Oo, kahit saan, puwede ako, huwag lang sa kalsada,” mabilis niyang sagot, ayaw sumama ang loob ng mga naging tagapagligtas.

“Sandali lang, bibili ako ng *Maggie*,” paalam ni Anton na ang tinutukoy ay yaong sikat na instant noodles.

Ilang sandali pa’y humihigop na sila ng mainit na sabaw.

“Mabuti’t may pera kang naitabi,” saad ni Eddie.

“Naisubi ko ‘yan kanina,” pagtatapat ni Anton habang humihigop ng sabaw. “Mabuti na lang at hindi napansin ni Bartolo, kung di’y bugbog-sarado na naman ako.”

Marungis ang tasang kinalalagyan ng sabaw. Pero walang ibang puwedeng pagpilian si Amanda. Magugutom siya kapag hindi siya nakipagsabayan sa tatlong ito.

Kinabukasan, natuklasan ni Amanda na hindi pala siya ganap na ligtas sa grupo. Kabilang pala ang mga ito sa mga kabataang pulubi na hawak ng sindikato.

At siya, ayaw mang isama nina Anton, nang makita siya ni Bartolo ay hindi na siya pinawalan.

Ang mga pagkain nila'y inirarasyon. Isang tasang kanin at ulam. Ulam na kadalasa'y hindi nila maintindihan kung ano. Espesyal nang maituturing kapag nakatikim sila ng ginisang munggo na pulos sabaw, walang asin o kahit na anong pampalasa maliban sa sahog na bilasang galunggong.

Pikit-matang tinanggap ni Amanda ang masaklap na biro ng tadhana. Madalas ay natutulog silang apat na kapwa kumakalam ang mga sikmura.

Ngunit sa kabila ng karukhaang iyon at kalupitang nararanasan, nabuo ang tunay na kahulugan ng pakikipagkaibigan.

Walang lamangan, walang suwapangan. Kung may kapirasong tinapay ang isa ay hahatiin iyon sa apat. Pinagmamalasakitan nila ang kung sinumang malasin na makatuwaang gulpihin ni Bartolo.

“Walanghiya ka! Nangungupit ka na, ha!” Isang tadyak sa sikmura ang nagpaigik kay Anton. Natuklasan kasi ni Bartolo na sa buhok ito nag-iipit ng pera.

Suntok, sipa at untog ang inabot ni Anton sa kaunting barya na tinangka nitong itabi para may mapagsaluhan sila.

Kalupitang hindi na kayang tagalan ni Amanda.

“Bakit hindi na lang tayo tumakas sa mga kamay nila? Malulupit sila at mga walang awa,” umiiyak na sabi ni Amanda habang pinupunasan ang mga pasa at sugat na tinamo ni Anton.

“Kahit saan tayo magpunta, masusundan din tayo ni Bartolo,” saad ni Eddie.

Ngunit si Amanda ay hindi makakapayag na habang panahong maging alipin ng sindikato.

Tumakas siya nang gabing iyon. Iniwan niya ang mga kasamahan na sa laki ng takot ay nakalaang magtiis na lamang sa mga gulpi at kaunting pagkain.

Lakad-takbo si Amanda. Kailangan niyang makalayo sa pook na iyon bago lumiwanag, bago matuklasan ni Bartolo ang ginawa niyang pagtiwalag.

Nakakasilaw na ilaw ng sasakyan ang nagpatigil kay Amanda. Huli na upang iwasan niya iyon.

“Eeeehhh!” Malakas na sigaw ang kumawala sa kanyang lalamunan bago tuluyang nagdilim ang kanyang paningin.